# {Nagsabi sa akin ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Bumigkas ka sa akin [ng Qur'ān

Ayon kay `Abdullāh bin Mas`ūd (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Nagsabi sa akin ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Bumigkas ka sa akin [ng Qur'ān" Nagsabi ako: "O Sugo ni Allāh, bibigkas po ba ako sa iyo samantalang sa iyo ibinaba ito?" Nagsabi siya: "Oo." Kaya binigkas ko ang Kabanatang An-Nisā' hanggang sa dumating ako sa talatang ito (Qur'ān 4:41): {Kaya papaano kapag naghatid Kami mula sa bawat kalipunan ng isang saksi at naghatid Kami sa iyo sa mga ito bilang saksi?} Nagsabi siya: "Sapat na ngayon." Kaya lumingon ako sa kanya saka ang mga mata niya pala ay lumuluha."}

[صحيح] [متفق عليه]

Humiling ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) kay `Abdullāh bin Mas`ūd (malugod si Allāh dito) na bumigkas ito sa kanya mula sa Qur'ān. Kaya nagsabi ito: "O Sugo ni Allāh, papaano po akong bibigkas nito sa iyo samantalang sa iyo ibinaba ito?" Nagsabi naman siya (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Tunay na ako ay nakaiibig na makarinig nito mula sa iba pa sa akin." Kaya bumigkas ito sa kanya mula sa Kabanata An-Nisā' saka umabot ito sa sabi ni Allāh (Qur'ān 4:41): {Kaya papaano kapag naghatid Kami mula sa bawat kalipunan ng isang saksi at naghatid Kami sa iyo sa mga ito bilang saksi?} Ibig sabihin: Magiging ano ang kalagayan mo at ang kalagayan ng Kalipunan mo kapag naghatid Kami sa iyo bilang saksi sa Kalipunan mo na ikaw ay nagpaabot sa kanila ng mensahe ng Panginoon mo? Kaya nagsabi ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Tumigil ka na sa pagbigkas." Nagsabi naman si Ibnu Mas`ūd (malugod si Allāh dito): "Kaya lumingon ako sa kanya saka ang mga mata niya pala ay dinadaluyan ng mga luha dala ng pagkasindak sa matutunghayan at dala ng pagkaawa sa Kalipunan niya."

https://sunnah.global/hadeeth/tl/show/3571